



Ang mga stormwater drain markers ay nagpapaalala sa atin na tayo ay bahagi ng ating kapaligiran.

# Paggawa at pagpapakintab ng kahoy

Pangalagaan ang Yamang-Tubig sa pamamagitan ng pagpigil ng anumang kontaminasyon

## Iwasan ang magtapon

Ang mga saludsod ay kailangang pigilan na makapasok sa "stormwater drainage system". Ang mga pangpatunaw ay madaling nasusunog at kapag ang mga ito ay naiipon maaaring magkaroon ng kondisyon ng posibleng pasabog sa mga paagusan ng tubig o mga kanal. Ang mga labi ng kahoy, pintura at iba pang mga kemikal ay maaaring makakalason at mapanganib sa kalikasan at huwag hayaang makapasok ang mga ito sa stormwater drainage system.

Upang mapaghandaan ang anumang saludsod, gumawa ng spill response plan kung saan mayroon response kit na may mga lamang absorbent materyals na nakahanda at akma sa klase ng produktong ginagamit o basurang naiipon sa inyong paselidad. Sanayin ang lahat ng mga empleyado na sundin ang spill reponse plan na ito.

Sakaling magkaroon ng aksidenteng pagkatapon ng mga kemikal sa kapaligiran, kaagad tumawag sa **Provincial Emergency Program (PEP)** sa **1.800.663.3456**. Sakaling ang kemikal na ito ay madaling nasusunog, nakakalason, o kaya mapanganib, tumawag kaagad sa **Surrey Fire Department** sa **911**.

Ang sinumang may kagagawan ng pagkakatap na kontaminasyon sa stormwater drainage system ay maaaring papanagutin sa environmental legislation:

- Federal Fisheries Act
- BC Hazardous Waste Regulation
- BC Environmental Management Act
- Surrey By-law No. 16610

## Para sa karagdagang kaalaman

RCBC Recycle Hotline  
**604.732.9253**

Product Care Association  
**604.592.2972**  
[www.productcare.org](http://www.productcare.org)

Metro Vancouver  
Air Quality & Source Control  
**604.436.6777**

City of Surrey  
Drainage & Environment Section  
**604.591.4321**

Surrey Fire Department  
**604.543.6760**

BC Ministry of Environment  
**604.582.5200**

Kapag may nakitang natapon o itinapon na kemikal sa mga palagusan, maaaring tumawag sa City of Surrey's Engineering Department sa **604-590-7226**, pagkaraan ng 4:30pm sa **604-591-4431**.



## Paggawa at pagpapakintab ng kahoy

Ang mga fillers, sealers, stains, shellacs, varnishes, lacquers, paints, solvents, thinners, paint removers, at adhesives ay ilan sa mga kasangkapang karaniwang ginagamit sa mga furnitures. Ang lahat ng mga ito ay nakakasira sa ating kapaligiran at ipinagbawal na itapon sa mga stormwater drainage system. Ang stormwater drains ay mga labasan ng tubig na galing sa mga kanal papunta ng mga ilog at batis. Mayroong mahigit 1500 km na sapa at daluyan ng tubig ang Surrey. Ang mga sapang ito ay mga importanteng daanang-tubig at tirahan ng mga isda gaya ng salmon, trout at iba pang hayop na nabubuhay sa tubig.

Sino ang makikinabang sa mga impormasyong ito?

- Furniture refinishers
- Furniture manufactures
- Cabinet and shelving manufacturers
- Wood shops
- Wood finishers

## Mga Pinakamahasay na Pamamaraan

Upang maiwasan na mapunta ang mga dumi at polusyon sa stormwater drainage system at dadaloy ang mga ito sa sapa, ilog at batis. Kasanayang sundin ang mga sumusunod:

- Iwasang gumamit ng pangpatunaw sa mga lumang finish  
Sa halip gumamit ng mga mekanikal na pamamaraan gaya ng hand scraping, heat gun o kaya electric sanding.
  - Ang mga kemikal o mga labi galing sa mekanikal na pagtatalang ng pintura ay may mga "lead", "mercury", "tributyl tin" at iba pang "hazardous or leachable compounds" ay nabibilang sa mga tinatawag na "special wastes" ayon sa Environmental Management Act at nangangailangan ng special na mga pamamaraan ng pagtatapon. Tumawag lamang sa BC Ministry of Environment para sa mga kinakailangan sa pagtatapon.
  - Gumamit ng citrus-based paint removers hanggat maaari.  
Ang mga ito ay hindi gaanong nakakalason kay sa iba pang "chemical stripper".
  - Huwag maglinis ng mga bras o iba pang applicators  
Sa mga lugar na malalapit sa stormwater drain.
  - Para sa mga water-based paints, linisin ang bras sa lugar na malayo sa stormwater drain system at banlawan malapit sa sanitary sewer.
  - Para sa mga oil-based paints, linisin ang bras sa lugar na malayo sa stormwater drain.
- Linisin ang mga natitirang mga thinners at pangpatunaw at muli itong gamitin sa susunod.
- Ang mga ginamit na thinners at pangpatunaw ay kailangang Kolektahin at huwag hayaang makapasok sa stormwater drain system at maaring itapon sa basurahan.
  - Ipunin ang lahat ng natitirang pintura at gamitin sa mga sumusunod na pangangailangan at gagawin o kaya ibigay sa charity upang mapakinabangan. Tumawag sa RCBC Recycling Hotline para sa mga pinakamalapit na depo.
  - Linisin ang lugar na pinagtrabaho-an at gumamit ng "power vacuum cleaners and sweepers" upang maiwasan ang pagkalat sa hangin ng mga alikabok galing sa paggawaan.
  - Huwag walisin ang mga wood chips, shavings o iba pang mga alikabok papunta sa stormwater drainage system.
  - Sanayin ang mga empleyado sa tamang pamamaraan ng paglalagay ng "coating", paggamit ng kemikal at tamang paghawak ng kaayusan ng mga ito. Ituro sa kanila ang tamang ratio ng pintura at pangpatunaw upang maiwasan ang pagdami ng basura.

